# Exemption sa Pagbabayad ng Pautang mula sa Temporary Loan Emergency Fund tulad ng Emergency Small Amount Fund atbp

Para sa mga pondong nakasaad dito, maaari kayong mabigyan ng "exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal (hindi na kinakailangang ibalik ang hiniram)" kung matutugunan ang mga kondisyon na itinakda ng gobyerno. Maaaring mag-aplay para sa exemption sa taong 2023 kung ikaw (ang humiram) at inyong ulo ng tahanan ay parehong *hikazei* (hindi na kailangang magbayad ng buwis) na may exemption sa pagbabayad ng itinalagang lokal na buwis o *juminzei* at ng income tax para sa taong piskal ng 2023.
Ipapaliwanag dito kung exempted ba kayo o hindi sa pagbabayad ng pautang, o kung ano ang kailangang gawin upang makatanggap ng exemption, kaya mangyaring basahin ito nang mabuti at isagawa ang kinakailangang proseso.

## 1 Mangyaring tiyakin ang inyong ginamit na pondo

| Uri ng pondong pinautang | Loan period o panahon ng paghiram | Pinakamataas na halaga ng pautang |
|---|---|---|
| Emergency Small Amount Fund | | 200,000 yen |
| Comprehensive Support Fund (Pangunang pautang) | Ika-1 hanggang ika-3 buwan | Para sa mag-isang naninirahan sa tahanan, 150,000 yen bawat buwan<br>Para sa 2 o higit pa ang naninihirahan sa tahanan, 200,000 yen bawat buwan |
| Comprehensive Support Fund (Extended loan)* | Ika-4 hanggang ika-6 na buwan | |

* Ang "extended loan" ay ekstensyon ng pautang kung saan pinalawig (patuloy na paggamit) ang loan period para sa pangunang pautang. Para ito sa mga pautang na tinanggap mula Hulyo 2020 hanggang Hunyo 2021.




## 2 Halaga na Napapailalim sa Exemption sa Pagbabayad ng Pautang

Ang Emergency Small Amount Fund o di kaya ang Comprehensive Support Fund (pangunang pautang) na inaplayan at natanggap **mula Abril 2022** → **Ang natitira mula sa buong halagang inutang**


Comprehensive Support Fund **Extended Loan** → **Ang natitira mula sa buong halagang inutang**

Emergency Small Amount Fund o di kaya ang Comprehensive Support Fund (pangunang pautang) na **babayaran** mula Enero hanggang Disyembre ng taong 2023 → **Ang halagang nakatakdang babayaran mula sa ika-13 na buwan**


Halimbawa (1) Sa kaso kung saan nakatakdang babayaran sa loob ng 10 taon mula Enero 2023 ang Comprehensive Support Fund (pangunang pautang) sa halagang 600,000 yen




Halimbawa (2) Sa kaso kung saan nakatakdang babayaran sa loob ng 5 taon mula Hunyo 2023 ang Comprehensive Support Fund (pangunang pautang) sa halagang 450,000 yen



## 3 Mangyaring tiyakin kung maaari kayong tumanggap ng exemption sa pagbabayad ng pautang




**1** Hindi maaaring tumanggap ng exemption ➔ Tumuloy sa **6**

**2** Maaring mag-aplay para sa exemption ➔ Tumuloy sa **4**


**3** Tiyakin kung *hikazei* o exempted kayo sa pagbayad ng lokal na buwis sa taong piskal ng 2023 ➔ Tumuloy sa **5**

**4** Tiyakin kung *hikazei* o exempted ang inyong ulo ng tahanan sa pagbayad ng lokal na buwis sa taong piskal ng 2023 ➔ Tumuloy sa **5**

## 4 Paraan ng aplikasyon para sa exemption ng pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

- **Deadline ng aplikasyon** — Ika-31 ng Agosto 2023 (ayon sa nakatatak na araw sa sobre)
- **Mga Kailangang Dokumento** —
  (1) Residence certificate o *juminhyo* (na-issue sa loob ng 3 buwan at nakalista ang lahat ng miyembro ng inyong tahanan)
  (2) Sertipiko ng exemption sa buwis o *hikazei shomeisho* para sa piskal na taon ng 2023
  (3) Application form para sa exemption (tingnan ang nakalakip na dokumento [2])
  * Kung kailangan ng tulong sa pagsagot ng (3), sumangguni sa support center para sa temporary loan emergency fund, o sa Council of Social Welfare ng inyong tinitirhang lunsod o munisipyo.
- **Tagatanggap ng aplikasyon** — Tokyo Council of Social Welfare Support center para sa temporary loan emergency fund
  * Ipasok ang mga dokumento sa sobre na kasama ng sulat na ito at ihulog sa post office o pinakamalapit na postbox.

## 5 Paraan kung paano tiyakin ang katayuan tungkol sa lokal na buwis o *juminzei*




- Kung *hikazei* o exempted sa taong piskal ng 2023 ➔ Tumuloy sa **4**
- Kung *kazei* o hindi exempted sa taong piskal ng 2023 ➔ Tumuloy sa **6**

## 6 Kapag hindi nabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Padadalhan kayo ng sulat bago magsimula ang pagbabayad ng pautang. Ipaalam agad sa aming tanggapan kung lumipat o nagbago ang inyong tirahan.

## 7 Pagkatapos isagawa ang aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Mula Setyembre nitong 2023, ipapaalam sa inyo sa pamamagitan ng sulat kung mabibigyan kayo ng exemption.
Para sa mga humiram gamit ang Comprehensive Support Fund (muling pagpapautang), ipapaalam namin sa inyo ang tungkol sa exemption sa susunod na taon, kaya mangyaring ipaalam sa amin kung lumipat o nagbago ang inyong tirahan.

### Para sa mga katanungan:

〒119-0213 Tokyo Council of Social Welfare
Support Center Para Sa Temporary Loan Emergency Fund
☎ 050-3668-5012
(Oras ng pagtanggap ng tawag: Lunes hanggang Biyernes 9:30 AM – 5:30 PM)
https://www.tcsw.tvac.or.jp/activity/coronatokurei.html